Humanities Diliman (January-June 2019) 16:1, 110-133

# Ang mga Ideolohiyang Politikal na Nakapaloob sa *Rosales Saga* ni F. Sionil Jose (The Political Ideologies within The *Rosales Saga* of F. Sionil Jose)

**Joshua Mariz Felicilda**
**F.P.A. Demeterio III**
De La Salle University Manila

**ABSTRAK**

Layunin ng papel na tukuyin ang mga ideolohiyang politikal na nakapaloob sa limang nobela ng *Rosales Saga* ni F. Sionil Jose: ang *The Pretenders*; *My Brother, My Executioner*; *Tree*; *Mass*; at *Poon*. Gagamitin ng papel bilang hermeneutikong lente ang ideolohikong ispektrum na may dalawang dimensiyon na binuo ni F.P.A. Demeterio sa kaniyang librong *Ang Mga Ideolohiyang Politikal ng Catholic Bishops' Conference of the Philippines*, na mula sa kahalintulad na konstrak ng Alemang teoristang si Hans Slomp. Ipinakita ng nasabing ideolohikong ispektrum ang walong magkakaibang politikal na ideolohiya: libertaryanismong radikal, awtoritarismong radikal, libertaryanismong liberal, awtoritarismong liberal, moderate, konserbatibong libertaryanismo, konserbatibong awtoritarismo, at reaksiyornaryo. Para matugunan ang nasabing layunin, may limang sustantibong seksiyon ang papel na isa-isang tatalakay sa limang nobelang kabilang sa *Rosales Saga*. Hihimayin ng bawat isa sa limang seksiyon ang mga pangunahing mensahe at tema ng mga nobelang tinukoy, susuri sa paninindigan ng mga nobela tungkol sa kasalukuyan at sa pagbabago, susuri sa paninindigan ng parehong mga nobela tungkol sa pagpapahalaga ng indibidwal at estado, at saka tutukoy sa pangkahalatang politikal na ideolohiya ng bawat nobela.

*Mga Susing Salita:* Ideolohikong Ispektrum, Hans Slomp, Ideolohiyang Politikal, *Rosales Saga*, F. Sionil Jose

ISSN 1655-1532 Print / ISSN 2012-0788 Online

## ABSTRACT

This paper aims to identify the political ideologies contained in the five novels of F. Sionil Jose's Rosales Saga: *The Pretenders*; *My Brother*, *My Executioner*; *Tree*; *Mass*; and *Poon*. This paper used as its hermeneutical lens the two-dimensional ideological spectrum that was developed by F.P.A. Demeterio, in his book *Ang Mga Ideolohiyang Politikal ng Catholic Bishops' Conference of the Philippines*, from an analogous construct of the German theorist Hans Slomp. Demeterio's ideological spectrum carries eight different political ideologies: radical libertarianism, radical authoritarianism, liberal libertarianism, liberal authoritarianism, moderate, conservative libertarianism, conservative authoritarianism, and reactionism. To attain this paper's goal, it has five substantive sections that study each of the five novels of Rosales Saga. Each of the five sections analyzes primary messages and themes of the said novels, delves into the novels' stand on status quo and change, as well as into the novels'' esteem for the individual or state, before it can finally pass judgment on the overall political ideologies of the said novels.


*Keywords:* Ideological Spectrum, Hans Slomp, Political Ideology, Rosales Saga, F. Sionil Jose

## INTRODUKSIYON

Itinuturing na Pambansang Alagad ng Sining sa Literatura si F. Sionil Jose na naging tanyag na manunulat dahil sa kaniyang mga nobelang nakasulat sa wikang Ingles at nakabatay sa mga temang pangkasaysayan, pampolitika, at panlipunan. Mula 1962 hanggang 2011, nakapaglathala siya ng 13 nobela: ang *The Pretenders* (1962); *Tree* (1978); *My Brother, My Executioner* (1979); *Mass* (1982); *Po-on* (1990); *Gagamba* (1991); *Ermita* (1993); *Viajero* (1993); *Sin* (1994); *Ben Singkol* (2002); *Vibora* (2007); *Sherds* (2008); at *The Feet of Juan Bacnang* (2011). Sinabi ng batikang kritiko na si Isagani Cruz, sa kaniyang sanaysay tungkol sa nobelang Filipino na nailathala sa *Encyclopedia of the Novel*, na may apat na tradisyon ang nobela sa Pilipinas: romantiko, didaktiko, realismo, at radikal (Cruz 1998). Kahit lantarang ipinapahayag ni Jose sa ilang panayam sa kaniya at sa ilan niyang sanaysay na minsan na siyang kumiling sa komunismo at patuloy siyang sumusuporta sa landas ng rebolusyon bilang isang paraan ng pagbabago, naniniwala si Cruz na sa tradisyong realismo pa rin nakaugat at umiinog ang mga nobela ni Jose (Cruz 2011, 1163).

Kinilala bilang *Rosales Saga* ang unang limang nobela ni Jose, at ipinangalan niya ito sa bayan ng Rosales, sa lalawigan ng Pangasinan, ang bayan na kaniyang pinagmulan pati na ng kaniyang mga karakter na kabilang sa mga angkang Asperri at Samson. Dalawa ang dahilan kung bakit pinili ng pananaliksik na ito na ituon ang pagsusuri sa *Rosales Saga*. Una, dahil ito ang naunang limang nobela ni Jose na ibinukod na niya mismo bilang isang koleksiyon na may sariling pamagat. Pangalawa, bunsod ng kakulangan ng espasyo at panahon, estratehikong ipinasiya ng mga mananaliksik na umpisahan muna sa papel na ito ang pagtalakay sa *Rosales Saga*. Nais ipahiwatig ng mga mananaliksik na unang bahagi lamang ang papel na ito sa kanilang mas malawak na hangaring suriin ang ideolohiyang politikal na nakapaloob sa lahat ng labintatlong nobela ni Jose.

Kapag babalikan ang apat na tradisyon ng nobelang Filipino na binanggit ni Cruz, tatlo sa mga ito ang malinaw na may kaugnayan na agad sa usapin tungkol sa ideolohiyang politikal: and didaktiko na konektado sa konserbatibo at reaksiyonaryong Simbahang Katolika, ang realismo na kadalasang ginagamit ng mga liberal na indibidwal na nais magsulong ng pagbabago, at ang radikal na ginagamit ng mga indibidwal na napabilang sa ilang radikal na kilusan. Batay lamang sa mga tradisyon ng nobelang Filipino maaari nang itanong ng papel na ito kung liberal o radikal ba ang ideolohiyang politikal ng mga nobelang kasama sa *Rosales Saga*? Subalit gamit ang mas artikuladong hermeneutikong lente, hangarin ng papel na ito na tukuyin ang mga ideolohiyang politikal na nakapaloob sa nasabing limang nobela ni Jose. Sa pamamagitan ng pananaliksik na ito, malalaman ng mga mambabasang Filipino kung anong ideolohiyang politikal ang ipinalaganap ni Jose sa pamamagitan ng kaniyang unang limang libro.

## Ang *Rosales Saga*

Hinabi ng limang nobelang, *The Pretenders*, *My Brother, My Executioner, Tree*, *Mass*, at *Poon*, ang mga kuwentong búhay ng mga kasapi ng mahirap na Ilokanong angkang Samson at ng mestiso at may-lupaing angkang Asperri. Ipinapakita ng table 1 ang pangnaratibong kronolohikong pagkakahanay ng limang nobela, kasama ang kani-kaniyang panahon, tagpuan, at ang mga kasapi ng dalawang angkang sangkot sa bawat nobela bilang pangunahing karakter.

**Table 1: Ang Panahon, Tagpuan, at Pangunahing Karakter mula sa mga Angkang Samson at Asperri ng Limang Nobela**

| Nobela | Panahon | Tagpuan | Karakter mula sa Angkang Samson | Karakter mula sa Angkang Asperri |
|---|---|---|---|---|
| Poon | Espanyol at Amerikano | Ilocos at Rosales | Eustaquio Samson | Nababanggit lamang ang pamilya Asperri |
| Tree | Amerikano | Rosales | | Vicente Asperri |
| The Pretenders | | Maynila | Antonio Samson | |
| My Brother, My Executioner | Postwar | Maynila at Rosales | | Vicente Asperri at Luis Asperri |
| Mass | Batas Militar | Maynila | Jose Samson | |

Kung *The Pretenders-My Brother, My Executioner-Tree-Mass-Poon* ang kronolohikong pagkakahanay ng mga nobela batay sa taon ng kanilang pagkalathala, *Poon-Tree-The Pretenders/My Brother, My Executioner-Mass* naman ang kronolohikong pagkakahanay nito batay sa kanilang internal na mga naratibo. Sinasaklawan ng internal na naratibo ng limang nobela ang isang siglo, mula 1872 hanggang 1972 (Tingnan sa Jose 2010). Sa papel na ito, binigyan ng kani-kaniyang seksiyon ang mga nobela, ngunit nakahanay ang mga nobela batay sa kronolohiya ng kani-kanilang pagkalathala.

## HERMENEUTIKONG LENTE

Sa librong *Ideology: an Introduction*, ipinaliwanag ng kritikong Ingles na si Terry Eagleton ang tatlong pundamental na saysay ng salitang “ideolohiya” na unang ikinonseptuwalisa ng kapuwa pilosopong Ingles na si Raymond Geuss: ang positibo na kahalintulad sa antropolohikong kategoryang “worldview;” ang peyoratibo na agarang kokondena sa ideolohiya bilang mali, baluktot, o mapanlinlang na kamalayan; at ang deskriptibo na tumutukoy “sa isang kalipunan ng mga paniniwala na nagbubuklod at nagbibigay ng inspirasyon sa isang pangkat o uri para itaguyod ang politikal na interes na pinaniniwalaang kaaya-aya” (Eagleton 43-44). Ang ideolohiyang politikal na tinatalakay ng papel na ito ay naaayon sa ikatlong saysay ng salitang “ideolohiya” ayon kina Geuss at Eagleton. Para mas lubusang masuri ang mga ideolohiyang politikal na nakapaloob sa unang limang nobela ni Jose, ginamit ng papel na ito, bilang hermeneutikong lente, ang ideolohikong ispektrum na may dalawang dimensiyon—x at y na axis, na unang binuo ng Alemang politikal na teoristang si Hans Slomp, ngunit iminodipika at lalong pinatalas ni F.P.A. Demeterio sa kaniyang librong *Ang Mga Ideyolohiyang Pulitikal ng Catholic Bishop’s Conference of the Philippines* (2012).

Sa konstrak ni Slomp, inirerepresenta ng x axis ang ispektrum mula sa pagiging progresibo patungo sa pagiging konserbatibo. Umiinog ang pagiging progresibo sa pagnanais na baguhin ang lipunan, habang may pagnanais na panatilihin ang kasalukuyang kaayusan ng lipunan ang pagiging konserbatibo. Ang x axis na ito ang siyang pangunahing binago ni Demeterio at pinahaba para irepresenta ang ispektrum mula sa pagiging progresibo patungo sa pagiging retrogresibo. Ang makitid na ispektrum ni Slomp ay pinalitan ni Demeterio ng mas artikuladong ispektrum na radikal-liberal-*moderate*-konserbatibo-reaksiyonaryo. Sa konstrak ni Slomp, inirerepresenta ng y axis ang ispektrum mula sa pagiging awtoritaryo, o labis na pagpapahalaga sa estado, patungo sa pagiging libertaryo, o labis na pagpapahalaga sa indibidwal. Pinanatili ni Demeterio ang y axis ni Slomp.

Ipinakita sa Figure 1 ang modipikado nang ideolohikong ispektrum na may dalawa pa ring dimensiyon.





Figure 1. Ang Ideolohikong Ispektrum na may Dalawang Dimensiyon na Unang Binuo ni Slomp at Minodipika ni Demeterio.

Mula sa modipikadong ideolohikong ispektrum na ito, walong magkakaibang ideolohiyang politikal na nabigyan ng kani-kanilang malinaw na posisyon: 1) libertaryanismong radikal, 2) awtoritarismong radikal, 3) libertaryanismong liberal, 4) awtoritarismong liberal, 5) *moderate*, 6) libertaryanismong konserbatibo, 7) awtoritarismong konserbatibo, at 8) reaksiyonaryo.

Ang libertaryanismong radikal ay may paninindigang "pumapabor sa mabilisan at malalimang progresibong pagbabago habang nagpapahalaga sa kalayaan at sa indibidwal" (Demeterio, 20). Isang halimbawa nito ang sosyalismong demokratiko

na nakabatay sa Marxistang prinsipyong "matapos ang rebolusyon ng proletarya, dapat pamunuan ng isang demokrasya ng masa ang lipunan" (Demeterio, 20). Ang awtoritarismong radikal ay may paninidigang "pumapabor sa mabilisan at malalimang progresibong pagbabago habang nagpapahalaga sa panlipunang kontrol at sa estado" (Demeterio, 20). Isang halimbawa nito ang komunismo na nakabatay sa Leninistang pananaw na "matapos ang rebolusyon ng proletarya, dapat pamunuan ng isang diktadurang awtoritaryo ang lipunan" (Demeterio, 20). Ang libertaryanismong liberal ay may paninindigang "pumapabor sa kalkulado at kontroladong progresibong pagbabago habang nagpapahalaga sa kalayaan at sa indibidwal" (Demeterio, 20). Isang halimbawa nito ang ideolohiya ng klasikong liberalismong "naniniwalang umaapi sa mga tao ang estado kaya dapat limitahan ang kapangyarihan at kontrol nito" (Demeterio, 20). Ang awtoritarismong liberal ay may paninindigang "pumapabor sa kalkulado at kontroladong progresibong pagbabago habang nagpapahalaga sa panlipunang kontrol at sa estado" (Demeterio, 21) Isang halimbawa nito ang ideolohiya ng kontemporaneong liberalismong "naniniwalang kailangan pa rin ng estado ang pagsasaayos at pag-oorganisa ng mga gawain at inisyatiba ng mga indibidwal" (Demeterio, 21).

Ang pagiging *moderate* ay may paninindigang pumapabor sa mabuting pagtimbang ng pangangailangan ng pagbabago at ng mga benepisyo ng kasalukuyang kaayusan. Sa kagustuhan ng paninindigang itong masuring mabuti ang magkabilang panig ng bawat usapin, napagpasiyahan ni Demeterio na walang masyadong kabuluhang magsagawa pa ng distinsiyon sa pagitan ng pagiging *moderate* na libertaryo at *moderate* na awtoritaryo (Tingnan sa Demeterio, 21). Ang paninindigang libertaryanismong konserbatibo ay "pumapabor sa kasalukuyang kaayusan habang nagpapahalaga sa kalayaan at sa indibidwal" (Demeterio, 21). Isang halimbawa nito ang makakanang liberalismong umiiral sa Europa at Hilagang Amerika (Tingnang sa Demeterio, 21). Ang paninindigang awtoritarismong konserbatibo ay "pumapabor sa kasalukuyang kaayusan habang nagpapahalaga sa panlipunang kontrol at sa estado" (Demeterio, 21). Pinakamasahol na halimbawa nito ang ideolohiya ng pasismo (Tingnan sa Demeterio, 21). Ang paninindigang reaksiyonismo ang "pumapabor sa isang retrogresibo o paurong na pagbabago" (Demeterio, 22) Sa kagustuhan ng paninindigang itong balikan ang lumang kaayusan, napagpasiyahan rin ni Demeterio na walang masyadong kabuluhang gagawa pa ng distinsiyon sa pagitan ng reaksiyonaryong libertaryanismo at reaksiyonaryong awtoritarismo (Tingnan sa Demeterio, 22).

Para makamtan ang layunin ng papel na tukuyin ang mga ideolohiyang politikal na nakapaloob sa limang nobela ng *Rosales Saga*, may limang sustantibong seksiyon ang parehong papel na nakatuon sa pagsusuri kung alin sa walong ideolohiyang politikal ang namamayani sa bawat nobela. Nabanggit na gagamitin ng papel ang kronolohikong pagkakahanay ng limang nobela batay sa taon ng kanilang pagkalathala. Para naman matukoy kung alin sa walong ideolohiyang politikal ang namamayani sa bawat nobela, may tig-aapat na sub-seksiyon ang bawat seksiyon ng papel. Nakalaan ang unang sub-seksiyon sa buod ng naratibo; hihimayin ng pangalawa ang paninindigan ng nobela tungkol sa pagbabago at kasalukuyan, batay sa x axis ng modipikadong kontrak ni Slomp; hihimayin ng pangatlo ang pagpapahalaga ng nobela sa indibidwal at estado, batay sa y axis ng modipikadong konstrak ni Slomp; at lalagumin ng pang-apatang tungkol sa namamayaning ideolohiyang politikal ng nasabing nobela. Ipinakita sa Figure 2 ang hermeneutikong proseso na isinagawa ng papel na ito.





Figure 2. Konseptuwal na Mapa tungkol sa isinagawang Hermeneutikong Proseso sa Limang Nobela ng *Rosales Saga*.

Alinsunod sa Figure 2, ilalahad ng kongklusyon ng papel na ito ang: 1) diyakronikong modelo ng mga ideolohiyang politikal batay sa pagkahahanay ng mga nobela ayon sa kanilang pagkalathala, 2) diyakronikong modelo ng mga ideolohiyang politikal batay sa pagkakahanay ng mga nobela ayon sa kanilang internal na naratibo, at 3) kabuuang singkronikong modelo ng ideolohiyang politikal ng *Rosales Saga*.

## ANG NOBELANG *THE PRETENDERS*

Unang nailathalang obra ng *Rosales Saga* ang nobelang *The Pretenders*. Ngunit pangatlo o pang-apat na obra lamang ito batay sa internal na naratibo ng nasabing kalipunan, dahil postwar na Maynila ang panahon at tagpuan ng nobelang ito. Ikinuwento ng *The Pretenders* ang trahedya ng buhay ni Antonio Samson, o Tony, ang apo ni Eustaquio Samson sa nobelang *Poon*. Napadpad sa Maynila si Tony, kasama ang kaniyang ina at kapatid, para mapalapit sa kaniyang amang nakakulong sa Bilibid. Sa angkin niyang talino at suporta ng kaniyang ina, nakapagtapos siya ng kolehiyo sa Unibersidad ng Pilipinas at nabiyayaan ng iskolarsyip para makapag-aral ng doktorado sa kasaysayan sa Unibersidad ng Harvard sa Estados Unidos. Subalit tila tinalikuran na niya ang kaniyang nakagisnang kahirapan kasabay ng pag-unlad ng kaniyang karera at antas ng pamumuhay. Sa Estados Unidos nakilala niya ang kaniyang mapapangasawang si Carmen Villa, ang laki-sa-layaw at unika iha ng makapangyarihang industriyalistang si Don Manuel. Pagbalik niya sa Maynila, naging kabilang na si Tony sa angkang Villa. Nasaksihan niya kung gaano kadumi ang pamamalakad ng negosyo ni Don Manuel na may kasabwat na ilang malalaking tao at politiko. Napilitan siyang iwanan ang kaniyang propesyon sa akademya para maglingkod bilang public relations officer ng kaniyang biyenan. Nagdulot ito sa kaniya ng nakasusuya at mapagpanggap na pamumuhay na lalong lumulubog sa maruming mundo ni Don Manuel. Nang madiskubre niya ang pangangaliwa ng kaniyang asawang si Carmen, nagpasiya si Tony na bumalik sa kaniyang kinalakihang pook sa Sampaloc para magpasagasa sa tren.

### Paninindigan ng Nobela tungkol sa Kasalukuyan at Pagbabago

Malinaw ang pagiging kritikal ng nobelang *The Pretenders* sa kasalukuyan nitong lipunan, kaya hindi ito maaaring iuri bilang konserbatibo o reaksiyonaryo. Sa nobela, may dalawang paninindigan tungkol sa kasalukuyang lipunan ang matutunghayan. Una ang liberal na paninindigan nina Tony at ng kaniyang mga matalik na kaibigang sina Godo at Charlie sa umpisa ng nobela. Punô ng optimismo at pag-asa para sa

pagbabago ang tatlong magkaibigan. Ngunit sa pag-usad ng naratibo, nalusaw ang optimismo at pag-asang ito habang nilamon si Tony ng kaniyang marangya at elitistang pamumuhay. Habang pumalya naman ang katapatan ni Godo sa harap ng pagsubok na isinagawa ni Don Manuel. Napalitan ng optimismong ito ng sinismo at hapis: "*WE ARE ALL WEAKLINGS, these words were now wedged deep in Tony's mind. He was saddened and, at the same time, angered that Godo had not been the heroic figure that he had expected him to be. It was Godo alone who could have stood up to Don Manuel, it was he alone who could have shown that, at least, there was some essence of purity left in a country where filth overflowed not only in garbage dumps but also in the most aristocratic of appointments. How long ago had it been when he had ceased thinking that, somehow, there was inner strength in himself?"* (Tony, *The Pretenders,* 143). Ang pagiging moderate ni Tony sa huling bahagi ng nobela ang pangalawang paninindigan ng nobela tungkol sa kasalukuyang lipunan. Tuluyan na siyang naniwala na walang mangyayaring pagbabago sa mapang-aping lipunan. Sa pagtatrabaho pa lamang niya para kay Don Manuel, naglaho na ang ideyalismong dating namamayani sa kaniyang damdamin. Kaya ang pagpapakamatay na lamang ang nakita niyang solusyon: "*There was honor in death, and if he was a traitor, or a weakling, he would not depart as one.*" (*The Pretenders,* 171) Sa kabuoan, masasabing moderate ang paninindigan ng nobelang *The Pretenders* tungkol sa kasalukuyang lipunan sa dahilang kahit malikhaing naipahayag ang katiwalian at suliraning bumabagabag sa nasabing lipunan, wala itong inihaing malinaw na mga hakbang para tugunan ang mga nasabing problema.

### Pagpapahalaga ng Nobela sa Indibidwal at Estado

Paulit-ulit na inilarawan ng nobelang *The Pretenders* ang mga katiwaliang nangyayari sa lipunang nakaugat sa kasakiman ng naghaharing-uri. Ani Godo, "*Big men like Don Manuel, Dangmount, Lee, your nationalist Senator Reyes—this pack has robbed me of my rightful share in life. These sons of bitches band together. They have one thing in common—greed... and the thousands like me? We scrounge around, we don't live. Our children starve, our wives get sick and they die.*" (Godo kay Tony, *The Pretenders,* 157). Ipinakita ng nobela na pati ang estado, maaari ding maging instrumento ng nasabing kasakiman. Kaya mas pinapanigan ng nobela ang mga indibidwal kaysa estado. Mas nakatuon ito sa pagtatanggol at pagpapalaya sa mahihirap mula sa karalitaan at pang-aabuso ng naghaharing uri. Mas binibigyang-halaga ng nobela ang mga karakter ni Tony, ng kapatid na si Betty, ng pinsan at kasintahang si Emy, at ni Godo, laban sa bulok na estadong bumibiktima sa kanila. Kaya mas libertaryo kaysa awtoritaryo ang pagpapahalaga ng nasabing nobela sa binaryong indibidwal/estado.

## Ang Ideyolohiyang Politikal na Nakapaloob sa Nobelang *The Pretenders*

Una nang natukoy ng papel na moderate ang paninindigan ng nobelang *The Pretenders* tungkol sa kasalukuyan nitong lipunan at libertaryo ang pagpapahalaga ng nasabing nobela sa binaryong indibidwal/estado, masasabing moderate ang kabuoang ideolohiyang politikal ng parehong nobela. Biswal itong ipinapakita ng Figure 3.





Figure 3. Ang Kabuoang Ideolohiyang Politikal ng Nobelang *The Pretenders*.

## ANG NOBELANG *MY BROTHER, MY EXECUTIONER*

Pangalawang nailathalang obra ng *Rosales Saga* ang nobelang *My Brother, My Executioner*. Ngunit pangatlo o pang-apat na obra lamang ito batay sa internal na naratibo ng nasabing kalipunan dahil postwar na Maynila at Rosales ang panahon at tagpuan ng nobelang ito. Pareho ang panahon ng *My Brother, My Executioner* sa panahon ng *The Pretenders*. Subalit nakatuon ang kuwento ng pangalawang nobela sa angkang Asperri sa halip na sa angkang Samson. Isinalaysay ng nobelang *My Brother, My Executioner* ang magkasalungat na buhay at pananaw ng magkapatid na sina Luis at Victor. Si Luis ang anak-sa-labas ng panginoong-may-lupang si Don Vicente Asperri, habang si Victor naman ang nakababatang kapatid sa ina. Parehong lumaki bilang mga magsasaka sa Rosales sina Luis at Victor. Nang nawalan na ng pag-asa si Don Vicente na magkaroon pa ng lehitimong anak, kinuha niya si Luis mula sa kaniyang ina para paaralin at gawing tagapagmana niya. Dito nagkahiwalay ang landas nina Luis at Victor. Kalaunan naging panginoong-may-lupa si Luis at naging pinuno naman ng HUKBALAHAP si Victor. Bagama't nagsimula si Luis bilang kritiko sa mapang-aping sistema, unti-unting pinatahimik ng masaganang pamumuhay

ang kaniyang dating nag-aalab na damdamin. Ilang beses hinamon ni Victor ang nagbabagong pananaw sa mundo ni Luis. Ngunit hanggang maligamgam na kompromiso lamang ang kayang panindigan ni Luis. Sa huli, matapos balewalain ni Luis ang babala ni Victor, nilusob ng HUKBALAHAP ang hacienda Asperri.

### Paninindigan ng Nobela tungkol sa Kasalukuyan at Pagbabago

Malinaw rin ang pagiging kritikal ng nobelang *My Brother, My Executioner*, kaya hindi rin ito maaaring iuri bilang konserbatibo o reaksiyonaryo. Dalawa ring paninindigan tungkol sa kasalukuyang lipunan ang matutunghayan sa nobelang ito. Una ang pagiging moderado ni Luis. Kahit nagsimula siya sa progresibong paninindigan noong kabataan niya, unti-unting humina ang paninindigang ito dahil hindi niya mapagkasundo ang kaniyang pakikibaka at ang buhay bilang anak ng panginoong-may-lupa, kalaunang bilang panginoong-may-lupa na mismo. Ani Luis: *"If you only had one hour to spend in my place you will realize that what you want is not that simple. I agree with you that the land must go to the people who farm it—but how will they progress without someone like me to give them money when they need it? Why must they spend so much on fiestas when it is unecessary? Who will sell their products? Who will teach them about farm management, fertilizers, and crop rotation? These problems cannot be solved with guns"* (Luis kay Victor, *My Brother My Executioner,* 171). Naging isang paralisadong intelektuwal si Luis, kagaya ni Tony sa nobelang *The Pretenders*. Pangalawang paninindigan ng nobela tungkol sa kasalukuyang lipunan ang pagiging radikal ni Victor na nanatiling matatag na pinuno ng HUKBALAHAP hanggang sa dulo. Isang simbolikong pagsasalaysay ang paglusob ng HUKBALAHAP sa hacienda Asperri na sa kabuoang mas makapangyarihan ang radikal na ideolohiya ni Victor kaysa moderadong paninindigan ni Luis: *"These peasants, riff-raff, the aimless generation which had finally found something to latch on to these were the young who would always be marched off to a tree and hanged.. the young could do nothing really but accept or forget, as he, too, must now accept... this anger had come to claim him, and, strangely aware of this, he felt no impulse to reject it. He no longer felt rancor for his father nor for Dantes, nothing but an overwhelming indifference. Now, he was simply tired"* (*My Brother, My Executioner,* 191).

### Pagpapahalaga ng Nobela sa Indibidwal at Estado

Dalawa ang hugis ng pagpapahalaga sa binaryong indibidwal/estado ang matutunghayan sa nobelang *My Brother, My Executioner*. Una, ang libertaryong pananaw ni Luis na mas nagpapahalaga sa indibidwal kaysa estado. Subalit, nabanggit

na ng papel na mas kinikilingan ng nobela ang pananaw ni Victor kaysa pananaw ni Luis, kaya lumalabas na mas nananaig ang pagpapahalaga ni Victor sa binaryong indibidwal/estado. Bilang pinuno ng HUKBALAHAP hindi lamang isang simpleng pakikipaglaban sa karapatan ng magsasaka ang isinusulong ni Victor, datapwat ang lubos namarahas na pagpatalsik sa naghaharing-uri at ang pagbibigay ng kapangyarihan sa mga uring magsasaka at manggagawa. Bilang tapat na kasapi at pinuno ng HUKBALAHAP, pasan din ni Victor ang pagpapahalaga ng kilusang kumikiling sa kolektibo kaysa indibidwal. Kaya sa kabuoan, mas awtoritaryo kaysa libertaryo ang pagpapahalaga ng nobela sa binaryong indibidwal/estado (kolektibo).

## Ang Ideyolohiyang Politikal na Nakapaloob sa Nobelang *My Brother, My Executioner*

Unang natukoy ng papel na radikal ang paninindigan ng nobelang *My Brother, My Executioner* tungkol sa kasalukuyan nitong lipunan at awtoritaryo ang pagpapahalaga ng nasabing nobela sa binaryong indibidwal/estado, masasabing awtoritarismong radikal ang kabuoang ideolohiyang politikal ng parehong nobela. Biswal na ipinapakita ito ng Figure 4.





Figure 4. Ang Kabuoang Ideolohiyang Politikal ng Nobelang *My Brother, My Executioner.*

## ANG NOBELANG *TREE*

Pangatlong nailathalang obra ng *Rosales Saga* ang nobelang *Tree.* Ngunit pangalawang obra ito batay sa internal na naratibo ng nasabing kalipunan dahil kolonisasyong Amerikano at Rosales ang panahon at tagpuan ng nobelang ito. Katulad sa nobelang

*My Brother, My Executioner*, nakatuon din ang kuwento ng nobelang *Tree* sa panig ng angkang Asperri sa halip na sa panig ng angkang Samson. Nagmistulang isang talambuhay ang nobela ng isang hindi pinangalanang anak ni Esperidon na isang panginoong-may-lupa at kanang kamay ni Don Vicente Asperri ng nobelang *My Brother, My Executioner*. Samuot-sari ang mga kuwento ng anak na ito tungkol sa kaniyang pagkabata at pagbibinata sa kanilang asyenda. Unti-unti niyang naunawaan ang pagkakaiba ng kaniyang marangyang pamumuhay sa pamumuhay ng kanilang mga katulong at kasama sa pagsasaka. Inihalintulad ang mahigpit at malupit na sistema ng pamamahala ng kaniyang ama sa imahen ng punong baleteng itinuturing na tahanan ng mga mitikong nilalang—nakamamangha ang laki, na nagbibigay lilim sa maraming tao, ngunit humahadlang sa pagsibol ng anumang halamang nasa lilim nito. Habang nag-aaral ang anak sa isang prestihiyosong Katolikong institusyon sa Maynila, nabalitaan niyang pinaslang ang kanyang ama ng ilang kasapi ng HUKBALAHAP. Noong wala na ang dambuhalang punong balete, napagtanto niyang mananatiling nakagapos sa alaala ng lilim ng imahen ng kaniyang pumanaw nang ama sa halip na sumibol nang malaya ang anak.

### Paninind igan ng Nobela tungkol sa Kasalukuyan at Pagbabago

Makikita sa *Tree* ang punto-de-bista ng isang batang kabilang sa angkang-may-lupa ngunit pumupuna sa buhay ng mga pangkaraniwang taong naglilingkod sa kanilang angkan, gayundin sa imahen ng kaniyang makapangyarihan at mahigpit na amang naglilingkod lang din kay Don Vicente. Ibinungad niya sa simula kung ano ang kabuoang ugnayan niya sa mga tao sa paligid ng pagtanda nito: *"I suppose that from the very beginning, I had always been thus—a stranger to Rosales, even to the people who knew me—relatives, friends, tenants and all those fettered beings who had to serve Father as he, too, had to serve someone bigger than himself." (Tree, 2) Sa mahabang panahon napanatili ni Esperidon ang panlipunang estruktura ng kaniyang asyenda laban sa mga nagtangkang baguhin ito. Maski ang anak ay walang kalaban-laban sa gahum na hawak ni Esperidon. Kaya sa busilak na pakikisimpatya ng anak sa mga naglilingkod at kasama nila, ay bumabalot naman ang sinikal na realisasyon na wala na siyang magagawa pa sa naitatag nang sistema ni Esperidon: "There was a waking that traumatized, a waking which also trivialized, because in it, the insolence and the nastiness of human nature became commonplace and I grew up taking all these as inevitable"* (*Tree,* 134). Mula rito, masasabing moderado ang paninindigan ng nobelang *Tree* tungkol sa kasalukuyan at pagbabago. Kahit binabagabag ang damdamin ng anak sa api at kawawang estado ng mga utusan at kasamang napalapit na sa kaniya, nanatili siyang nakagapos sa gahum ni Esperidon. Nang pinaslang si Esperidon, nabalot na ng

sinisismo ang anak at pinili niyang itinaguyod na lamang ang nakagisnang panlipunang estruktura sa halip na baklasin at gawing mas makatao ito. Inilarawan sa pamamagitan ng simbolismo ng *balete* kung paano nanatili ang gahum sa kaniya ng ama: *"I have not done anything. I could not, because I am me, because I died long ago. Who then lives? Who then triumphs when all others have succumbed? The balete tree—it is there for always, tall, and leafy and majestic. In the beginning, it sprang from the earth as vines coiled around a sapling. The vines strangled the young tree they had embraced. They multiplied, fattened and grew, became the sturdy trunk, the branches spread out to catch the sun. And beneath the tree, nothing grows!"* (*Tree,* 135).

## Pagpapahalaga ng Nobela sa Indibidwal at Estado

Sa nobelang ito, naging kritikal si Jose sa kakayahan ng estado sa pagtugon sa dehadong katayuan ng mga api. Para kay Jose, kasabwat ang estado ng mga angkang-may-lupa sa pagpapanatili ng kasalukuyang kaayusang pumapabor sa kalagayan ng mga panlipunang elit: *"It may well be, but the politicians, and the generals—they live as weeds always will—accumulating wealth and enjoying the land the young had died to defend... I should not be angered then, when men in the highest places, sworn to serve end up as millionaires in Pobres Park, while using the people's money in the name of beauty, public good, and all those shallow shibboleths about discipline and nationalism that we have come to hear incessantly"* (Tree, 134). Sa halip, mas kinikilingan ng nobelang *Tree* ang indibidwal na taong mabusising isinalarawan sa bawat kabanata. Sa halip na magsulong ng bagong estadong papalit sa manhid at bulok na kasalukuyang estado, mas ginusto ng nobela ang hustisyang magmumula sa mga karaniwang tao: *"there was kindness in the hearts of men... there was less greed, less faithlessness. Men were brothers—the rich and the poor. It was a day for living, but now the past is forgotten and it can it can never be relived again even by those who used to belong to it. It was a good time, a time for loving one another, for forgiving one's faults and understanding one's weaknesses" (Tree, 114-115)*. Kaya malinaw na mas libertaryo kaysa awtoritaryo ang nobelang *Tree*.

## Ang Ideyolohiyang Politikal na Nakapaloob sa Nobelang *Tree*

Una nang natukoy ng papel na moderado ang paninindigan ng nobelang *Tree* tungkol sa kasalukuyan nitong lipunan at libertaryo ang pagpapahalaga ng nasabing nobela sa binaryong indibidwal/estado, masasabing moderate ang kabuoang ideolohiyang politikal ng parehong nobela. Biswal na ipinapakita ito ng Figure 5.





Figure 5. Ang Kabuoang Ideolohiyang Politikal ng Nobelang*Tree*.

Ipinakita ng Figure 4 at ng Figure 2 na magkahawig ang kabuoang ideolohiyang politikal ng mga nobelang *Tree* at *My Brother, My Executioner*.

## ANG NOBELANG *MASS*

Pang-apat na nailathalang obra ng *Rosales Saga* ang nobelang *Mass*. Ngunit panghuling obra ito batay sa internal na naratibo ng nasabing kalipunan dahil ang umiiral na panahon ay ang Batas Militar at Maynila ang tagpuan ng nobelang ito. Katulad sa nobelang *The Pretenders*, nakatuon naman ang kuwento ng nobelang *Mass* sa panig ng angkang Samson sa halip na sa panig ng angkang Asperri. Nakasentro ang nasabing nobela sa buhay ng binatang si Pepe Samson, ang anak sa pagkabinata ni Tony Samon ng nobelang *The Pretenders*. Lumaki si Pepe sa Rosales na kinamumuhian ang kaniyang 'di-nakilalang amang namuhay at nagpakamatay sa Maynila. Madeskarte ang Pepeng lumuwas sa Maynila, may angking talino at karisma, at wala siyang interes sa mga usaping political at panlipunan katulad ng nakararaming kabataang Filipino. Hangad lamang niya ang pisikal at sensuwal na kaginhawahan. Nahatak lamang siya sa kilusang kaliwa dahil sa kaniyang kaibigang si Toto. Dito siya namulat tungkol sa karahasan ng gobyerno. Matapos mapatay si Toto sa isang rally, minana ni Pepe ang politikal at panlipunang paninindigan ng kaniyang matalik na kaibigan. Pinatatag pa lalo ang makakaliwang pananaw ni Pepe nang kaniyang nakasalamuha ang dating kasapi ng HUKBALAHAP na si Ka Lucio. Nakasalamuha din ni Pepe ang kahina-hinalang karakter na si Juan Puneta, isang mayamang mestisong nagkukunwaring tagasuporta ng kilusang kaliwa. Nang madiskubre ni Pepeng si Puneta din pala ang nagpapatay kina Toto at Ka Lucio, binaril niya ang mestiso kasabay ang pagtakas papunta sa kabundukan para maging ganap na rebolusyonaryo.

## Paninindigan ng Nobela tungkol sa Kasalukuyan at Pagbabago

Inilarawan sa nobela ang kagimbal-gimbal na mundo ng Maynila noong panahong umiiral ang Batas Militar. Malay si Pepe sa matinding kahirapan, pagkitil sa kalayaan, at pagyurak sa karapatang pantao. Sa umpisa, walang pakialam si Pepe sa mga suliraning ito: *"he is not telling me anything I did not know—the exploitation, the squalid hypocrisies... the kind of activism he was propounding was not for me... I was concerned with more earthy matters, mami espesyal and Lucy waiting, than in battering the bastion of Pobres Park or the high walls of Malacañang" (si Pepe tungkol kay Prop. Hortenso, Mass, 28)*. Nahatak ni Toto si Pepe sa paninindigang radikal at kalaunang mas masidhing nakibaka lalo na sa pagkakapaslang ng kaibigan: *"there was a purpose to your life while there was none to mine. Is it true then that God is unkind to let the weeds grow? Is it true then that, at birth, we are already doomed? I refuse to believe this because I know, in the end, it is the good who will triumph. You were going to be a saver of lives, you were going to change the ugliness that we know...You were brave, and I was a coward... I will live for you then, Toto my brother"* (Pepe, *Mass,* 126). Lalong pinaigting ni Ka Lucio ang radikalismo ni Pepe. Ipinaliwanag ni Ka Lucio na may katabangan ang paninindigan ng mga batang makakaliwa—wala itong kapootan, karahasan, at kahandaang pumatay na mahalaga para sa isang makatotohanang rebolusyon: "*You must accept violence—you cannot begin to build until you have destroyed. You don't know love until you have hated... you must destroy the rotten foundations to build a new edifice. You must know how to identify and hate injustice before you learn to value above all, justice. Your enemy is the rich. You must be able to tell them that to their faces. And when you point the gun between their eyes, you must do it without passion—or compassion. Do it as duty, do it to survive"* (Ka Lucio, *Mass,* 166) Naunawaan lamang ni Pepe ang pangangaral ni Ka Lucio noong aksidenteng nadiskubre niya ang pagiging doble kara ni Puneta. Bilang ganti, pinaslang niya ito at lumayas: "*I fired and the impact was so strong, it seemed as if he was lifted on his feet then flung down. He died instantly and the red on his front shirt now spread* (241)... *It was we or they, Ka Lucio had said. It was I or him—and my knowledge and acceptance of this made everything clear"* (Pepe, *Mass,* 243). Mula doon, tinahak na niya ang radikal na landas: *"...so I leave behind those who see the sword but refuse to raise it"* (Pepe, *Mass*, 256)

## Pagpapahalaga ng Nobela sa Indibidwal at Estado

Hindi mali kung sasabihing nagpapahalaga ang nobelang *Mass* sa indibidwal dahil malinaw namang kinikilingan ang karapatang pantao at direktang binatikos ang pagiging mapang-api ng pamahalaan: *"Marcos, jail the young then, all those who*

*oppose your oligarchy and your grandoise plans. Imprison us, torture us for by doing so you will swell our piteous ranks, you will temper us with the harness of truth so that we will rise from the flames singed and wounded but, by God, infinitely more steadfast and strong"* (Pepe, *Mass,* 222). Subalit kagaya sa naging takbo ng naratibo ng *My Brother, My Executioner*, sumanib si Pepe sa isang grupong kilala rin sa pagiging awtoritaryo. *"Now, we will fling back to them the very sop they have drowned our protests with. Nationalism means us—for we are the nation and the vengeance we seek will never be satisfied till we have gotten measure for measure all that was stolen from us. I want not just the irrevocable end to my poverty but justice as well"* (Pepe, *Mass,* 241). Kagaya sa HUKBALAHAP, mithiin din ng rebolusyonaryong kilusang baklasin ang kasalukuyang estado. Para maitatag ang panibagong estado, may tiyansang maging isang estadong awtoritaryo rin kapag inihalintulad sa aktuwal na nangyari sa Russia at Tsina. Kaya sa kabuoan, wastong sabihing awtoritaryo kaysa libertaryo ang pagpapahalaga ng nobelang *Mass* sa binaryong indibidwal/estado.

### Ang Ideyolohiyang Political na Nakapaloob sa Nobelang *Mass*

Una nang natukoy ng papel na radikal ang paninindigan ng nobelang *Mass* tungkol sa kasalukuyan nitong lipunan at awtoritaryo ang pagpapahalaga ng nasabing nobela sa binaryong indibidwal/estado, masasabing awtoritaristang radikal ang kabuoang ideolohiyang politikal ng parehong nobela. Biswal na ipinapakita ito ng Figure 6.





Figure 6. Ang Kabuoang Ideolohiyang Politikal ng Nobelang *Mass.*

Ipinakita ng Figure 5 at ng Figure 3 na magkahawig ang kabuoang ideolohiyang politikal ng *Mass* at ng *My Brother, My Executioner.* Kaya maiintindihan ngayon kung bakit mahigpit na ipinagbawal ang sirkulasyon ng dalawang nobela noong panahon ng Diktaduryang Marcos, gayundin kung bakit pinagbibitangang isang komunista si Jose.

## ANG NOBELANG *POON*

Panlima at panghuling nailathalang obra ng *Rosales Saga* ang nobelang *Poon*. Ngunit unang obra ito batay sa internal na naratibo ng nasabing kalipunan, dahil Kolonisasyong Espanyol at Amerikano ang panahon, at Ilocos at Rosales ang tagpuan ng naturang nobela. Katulad sa mga nobelang *The Pretenders* at *Mass*, nakatuon din ang kuwento ng nobelang *Poon* sa panig ng angkang Samson sa halip na sa angkang Asperri. Sa katunayan, sa nobela ikinuwento ni Jose kung paano naging Samson ang pangalan ng angkan at kung paano lumipat mula Ilocos patungong Rosales ang parehong angkan. Nakasentro ang nobela sa buhay ni Eustaquio "Istak" Samson, isang tapat na sakristan ngunit napilitang tumakas mula Ilocos kasama ang kaniyang buong angkan matapos mapaslang ng kaniyang ama ang malupit na prayleng Espanyol. Sa Rosales napadpad ang natira sa angkang Samson. Dito sila lumikha ng sakahan sa lupain ni Don Jacinto Asperri, isang mabuting panginoong-may-lupa. Dito rin namuhay bilang magsasaka, guro, at manggagamot si Istak. Kalaunan, nakasalamuha rin dito ni Istak ang bayaning si Apolinario Mabini na tumatakas mula sa mga Amerikano. Isang araw, pinakiusapan siya nina Don Jacinto at Mabini na dalhin ang isang mahalagang mensahe kay Presidente Emilio Aguinaldo na noong hinahabol ng mga Amerikano patungong hilagang Luzon. Nang maabutan ni Istak si Aguinaldo sa Pasong Tirad, nagpasiya ang dating mapayapang magsasaka, guro, at manggagamot na sumama sa rebolusyon laban sa mga Amerikano.

### Paninindigan ng Nobela tungkol sa Kasalukuyan at Pagbabago

Malinaw sa nobelang *Poon* na hindi kontento ang mga pangunahing tauhang sina Istak, Don Jacinto, at Mabini sa kanilang kasalukuyang lipunan. Kaaahon pa lamang ng Pilipinas mula sa kolonisasyong Espanyol, hinaharap na naman nito ang panibagong mananakop. Isang pagbalik-tanaw ang nobela sa panahong hinahanap pa lamang ng mga Filipino ang kanilang identidad bilang Filipino. Minana ni Istak ang liberal na konseptong pagkamakabayan mula sa dalawang ilustradong sina Don Jacinto at Mabini. Hindi nakabatay sa poot at dahas ang minimithing pagbabago ni Mabini, datapwat sa konsepto ng tungkulin para sa bayan. "*What I do now I do as duty, not to the President but to Filipinas. Our motherland, she is bigger than any of us, and we must serve her and serving her means serving you and everyone who is Filipino*" (Apolinario Mabini, *Poon,* 171). Binigyang-diin ito hanggang sa dulo ng nobela nang paulit-ulit itong bigkasin ni Istak hanggang sa kaniyang kamatayan. Kaakibat ng konseptong ito ang mensahe ng pagkakaisa at nasyonalismo para sa sangkatauhang hinati-hati ng

rehiyonalismo at magkakaibang uring panlipunan. Gayong sumanib si Istak sa puwersa ni Heneral Gregorio del Pilar sa Pasong Tirad, nanatiling liberal ang kaniyang paninindigan dahil nakabatay ang kaniyang pagsanib sa paniniwalang dapat buoin ang bansa at tungkulin ng bawat Filipinong ipaglaban ang kalayaan ng bansang ito. Sa huling bahagi ng nobela, hindi umiral ang dahas at poot sa kalooban ni Istak. Mas malinaw ang kaniyang pagnanais na makamtan ng mga Filipino ang pagkakaisa, kooperasyon, at kamalayan bilang mga Filipino. *"Without this country you are nothing. This land where you stand, from which you draw sustenance, is the Mother you deny. It's to her where your thoughts will go even if you refuse to think so, for it is here where you were born, where your loved ones live, and where in all probability you will all die. We will lover her, protect her, all of us—Bisaya, Tagalog, Ilokano, so many islands, so many tribes—because if we act as one, we will be strong and so will she be. Alone, you will fall prey to every marauder that passes by. I am not asking that you love Filipinas. I am asking you do what is right, what is duty..."* (Apolinario Mabini kay Istak, *Poon,* 214)

## Pagpapahalaga ng Nobela sa Indibidwal at Estado

Tungkol ang nobelang *Poon* sa pagpapahalaga ng binaryong indibidwal/estado, matutunghayan ang tensiyon sa pagkiling sa parehong indibidwal at estado. Pinahahalagahan nina Istak, Don Jacinto, at Mabini ang indibidwal, ngunit malay din sa pagsulong sa kapakanan ng estado, ang katatatag pa lamang na Republika, upang lalong masigurado ang kapakanan ng mga indibidwal. Matingkad ang tensiyong inilahad ni Jose sa pag-aalinlangan ni Istak na iwanan ang kaniyang asawa at dalawang anak para maisagawa ang misyong iniatas nina Mabini at Don Jacinto: *"At the gate, Don Jacinto embraced him, reminding him what the Cripple had said, "Eustaquio, you are no longer Ilokano, you are Filipino." How would he tell Dalin what he was to do, where he was going?"* (*Poon,* 183) Naintindihan din ni Istak na dapat niyang harapin ang pangangailangan ng Republika para mas maging maayos ang kinabukasan ng kaniyang dalawang anak. Kaya nasa pagitan ng pagiging libertaryo at awtoritaryo ang pagpapahalaga ng nobelang *Poon* sa binaryong indibidwal/estado. *"Now, what he knew involved not just the two friends who shared the secret with him, but perhaps, a thousand others whose lives depended on how well he could keep the secret, then lead the President to the Valley... How would he tell his sons?"* (*Poon,* 184)

## Ang Ideyolohiyang Politikal na Nakapaloob sa Nobelang *Poon*

Una nang natukoy ng papel na liberal ang paninindigan ng nobelang *Poon* tungkol sa kasalukuyan nitong lipunan at nasa pagitan ng pagiging libertaryo at awtoritaryo ang pagpapahalaga ng nasabing nobela sa binaryong indibidwal/estado, masasabing nasa pagitan ng libertaryanismong liberal at awtoritarismong liberal ang kabuoang ideolohiyang politikal ng parehong nobela. Biswal na ipinapakita ito ng Figure 7.





Figure 7. Ang Kabuoang Ideolohiyang Politikal ng Nobelang *Poon*.

Kung magkahawig ang kabuoang ideolohiyang politikal ng *The Pretenders* at *Tree* at magkahawig rin ang kabuoang ideolohiyang politikal ng *My Brother, My Executioner* at *Mass*, lumalabas na walang kahawig ang kabuoang ideolohiyang politikal ng *Poon* sa ibang nobela ng *Rosales Saga*.

## KONGKLUSYON

Naipakita ng naunang limang seksyon na: moderado ang kabuoang ideolohiyang politikal ng nobelang *The Pretenders*; radikal na awtoritarismo ang kabuoang ideolohiyang politkal ng nobelang *My Brother, My Executioner*; moderado ulit ang kabuoang ideolohiyang politkal ng nobelang *Tree*; radikal ulit ang kabuoang ideolohiyang politkal ng nobelang *Mass*; habang nasa pagitan ng libertaryanismong liberal at awtoritarismong liberal ang kabuoang ideolohiyang politikal ng nobelang *Poon*. Biswal na ipinakita ng Figure 8 ang diyakronikong paghahambing sa mga kabuoang ideolohiyang politikal ng limang nobela ng *Rosales Saga* kapag ang kronolohiya ng pagkakalathala ang pag-uusapan:





Figure 8. Diyakronikong Paghahambing sa mga Kabuoang Ideolohiyang Politikal ng Limang Nobela ng *Rosales Saga* batay sa Kronolohiya ng Pagkalathala.

Sa Figure 8, numero 1 ang nobelang *The Pretenders*; numero 2 ang nobelang *My Brother, My Executioner*; numero 3 ang nobelang *Tree*; numero 4 ang nobelang *Mass*; at numero 5 ang nobelang *Poon.* Biswal namang ipinakita ng figure 9 ang kahalintulad na diyakronikong paghahambing kapag ang internal na kronolohiya ng naratibo ang pag-uusapan:





Figure 9. Diyakronikong Paghahambing sa mga Kabuoang Ideolohiyang Politikal ng Limang Nobela ng *Rosales Saga* batay sa Internal na Kronolohiya ng Naratibo.

Sa Figure 9, numero 1 ang nobelang *Poon*; numero 2 ang nobelang *Tree*; numero 3a ang nobelang *The Pretenders*; numero 3b ang nobelang *My Brother, My Executioner*; at numero 5 ang nobelang *Mass*.

Sa unang apat na nobela (batay sa kronolohiya ng pagkakalimbag), nagsasalitan ang ideolohiya ng saga sa Moderado at Awtoritaryong Radikal; nagwawakas ito sa Libertaryo-Awtoritaryong Liberal (tingnan ang Figure 8 na nagbabalanse sa dalawang salungat na kaisipan. Hayag sa Figure 8 ang pag-unlad ng kaisipan ng mga pangunahing karakter sa bawat nobelang nagtatapos sa pinakahinog na kamalayan ni Istak. Ayon kay Shirley Lim (1989), sinisikap ni Jose na bumuo ng isang *national epic* na maglalahad ng pambansang pagkakilanlang huwaran para sa mambabasang Filipino. Sinang-ayunan ito Lito Zuleta (2005) sa kaniyang pag-aaral, iginiit niya ang pag-unlad ng imahen ng bayani sa epikong nasa katauhan ng bawat bida sa limang nobela. Pinagbibidahan ang unang tatlong nobela (batay sa taon ng pagkakalimbag) ng mga intelektuwal na paralisado sa ginhawa ng kanilang buhay: si Tony, Luis, at ang anak ni Esperidon. Magkakahawig ang kanilang hilaw at matabang na simpatyang ikinasawi nila sa huli. Hayag din ito sa pagiging Moderado ng kanilang kamalayang umiral sa nobelang pinagbibidahan nila. Naiba lamang ang *My Brother, My Executioner* dahil sa mas nanaig ang radikal na ideolohiya ni Victor sa huling bahagi ng nobela. Ito rin ang radikal na ideolohiyang umiral kay Pepe sa *Mass*. Inilalarawan siya ni Zulueta bilang nakaaangat sa naunang tatlo sapagkat kaya niyang ihiwalay ang sarili sa hayag na pagpapanggap sa lipunan. Nagsisimula na kay Pepe ang arketipo ng bayaning wala sa naunang tatlo. Datapwat para kay Zulueta, hindi pa hustong maunlad ito kay Pepe. "*[Pepe] does not have the purity of heart to renew the system after the demolition job*" (p.152). Nakita niya ang huli at pangkalahatang huwaran ng bayani kina Mabini, Jacinto, at Istak. Ginagamit ni Jose ang historikal na katauhan ni Mabini (pati na din ni Del Pilar) upang ihayag ang kamalayan ng pagkakaisa, kooperasyon, at kamalayang maka-Filipino. Binubuo na ni Jose ang mga katangiang ito mula sa *The Pretenders* at nakamit ang hustong gulang sa nobelang *Poon,* na may Libertaryo-Awtoritaryong kamalayang bumabalanse sa dalawang magkalayong ideolohiya. Angkop ding makikita ang punahing ideolohiyang ito sa pinakaunang nobela batay naman sa piksiyonal na kronolohiya (tingnan ang Figure 9). Sa pagbabalik-tanaw sa mga naganap sa nobelang *Poon,* hinuhulma ni Jose ang huwaran ng isang heroic past (p. 152) na huhubog sa kasalukuyan; kaya naman *Poon* ang huling nobela sa kronolohiya batay sa taon ng pagkakalimbag at una sa piksiyonal na mundo ng saga.

Kapag inungkat ng papel ang average na paninindigan ng limang nobela tungkol sa kasalukuyan at pagbabago, lalabas na liberal ang kinatatayuan ng *Rosales Saga* sa x axis ng modipikadong ispektrum ni Slomp. Kapag binungkal ng papel ang average na pagpapahalaga ng limang nobela sa binaryong indibidwal/estado, lalabas na nasa pagitan ng libertaryo at awtoritaryong pananaw ang kinatatayuan ng *Rosales Saga* sa y axis ng modipikadong ispektrum ni Slomp. Biswal na ipinakita ng Figure 10 ang singkronikong pagkakabuod sa kabuoang ideolohiyang politikal ng limang nobela ng *Rosales Saga*:





Figure 10. Singkronikong Pagkabuod ng Kabuoang Ideolohiyang Politikal ng Limang Nobela ng *Rosales Saga*.

Lumalabas na nasa pagitan ng libertaryanismong liberal at awtoritarismong liberal ang pinakabuod na ideolohiyang politikal ng *Rosales Saga*.

## SANGGUNIAN


Arias, J. "Searching for an Authentic Filipino Voice: F. Sionil Jose's Dusk." In *Radical Teacher*. Issue 82 (2008). 44. Print.

Cruz, Isagani. "Jose, F. Sionil." In Brian Shaffer, Editor. *The Encyclopedia of Twentieth-Century Fiction*. West Sussex: Wiley-Blackwell, 2011. 1163-1164. Print.

Cruz, Isagani. "Southeast Asian Novel: Philippines." In Paul Schellinger, Editor. Encyclopedia of the Novel, Vol. 2. New York: Routledge, 1988. Print.

Daroy, Petronilo. "The Novel in the Philippines." In *Asian Studies Journal* 7.2 (1969): 180-185. Print.

Delmendo, Sharon. "Canto del Viajero: F. Sionil Jose's Restorative Historical Passage." In Sharon Delmendo. *The Star-entangled Banner: One Hundred Years of America in the Philippines*. Quezon City: U of the Philippines P, 2005. 141-167. Print.

Demeterio III, Feorillo. *Ang mga Ideyolohiyang Politikal ng Catholic Bishops' Conference of the Philippines.* Manila: De La Salle Publsihing House, 2012. Print.

Demeterio, Jose and Camus. "A Comparative Study on the Theme of Human Existence in the Novels of Albert Camus and F. Sionil Jose." In *Kritike* 2.1 (June 2008): 50-67. Print.

Eagleton, Terry. *Ideology: an Introduction*. London: Verso, 1991. Print.

Jose, F. Sionil. *The Pretenders*. Manila: Solidaridad Publishing House, 1962. Print.

---. *Tree*. Manila: Solidaridad Publishing House, 1977. Print.

---. *Mass*. Manila: Solidaridad Publishing House, 1979. Print.

---. *Poon*. Manila: Solidaridad Publishing House, 1984. Print.

---. *My Brother, My Executioner*. Manila: Solidaridad Publishing House, 1988. Print.

---. "Notes on Writing the Rosales Saga." *Gleanings from a Life of Literature*. Manila: UST Publishing House, 2011. Print.

Lim, Jaime. "From Darkness to Darkness: Sionil Jose's *Po-on*." *F. Sionil Jose and His Fiction*. Alfredo Morales, Ed. Quezon City: Vera-Reyes Incorporated, 1989. Print.

Lim, Shirley. "A Modern National Epic." *F. Sionil Jose and His Fiction*. Alfredo Morales, Ed. Quezon City: Vera-Reyes Incorporated, 1989. Print.

Ong, Charlson. "Interview with F. Sionil Jose." In *Likhaan: The Journal of Contemporary Philippine Literature* 5 (2011): 241-258. Print.

Pulido, Dennis. Saving the Savior: A Deconstruction of the Novel *Viajero* by F. Sionil Jose. In *3L: the Southeast Asian Journal of English Language Studies* 17.1 (2011): 79-92. Print.

Zulueta, Joselito."Myth, History and the Rosales Saga." *Frankie Sionil Jose: A Tribute*. Edwin Thumboo, Ed. Singapore: Marshall Cavendish Academic, 2005. Print.

Si **Joshua Mariz B. Felicilda** <joshuafelicilda@gmail.com, joshua_felicilda@dlsu.edu.ph> ay guro ng Filipino sa Pamantasang De La Salle, Maynila. Kasalukuyan siyang kumukuha ng kanyang Doctorado ng Pilosopiya sa Araling Filipino: Wika, Kultura, at Midya sa naturang Pamantasan. Siya ay nagtapos ng Masteral sa Sining sa Araling Filipino sa Pamantasang De La Salle, Maynila at ng Batsilyer sa Pilosopiya, *cum laude,* sa Pamantasan ni Santo Tomas, Maynila.

**Feorillo A. Demeterio III** <feorillo.demeterio@dlsu.edu.ph> is Full Professor of the Department of Filipino, College of Liberal Arts, and the Director of the University Research Coordination Office, De La Salle University, Manila. He served as a visiting research professor at the Council for Research in Values and Philosophy, Catholic University of America, Washington DC, in 2013.